Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Sta. Cruz

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-6 NG ABRIL, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan... | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez............. | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat.......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas............... | Kagawad |
| Kgg. Mario M. Mangahas.............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

DI-DUMALO:

W A L A

**KAPASIYAHAN BLG. 063-T'98**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKAKALOOB NG CENTENNIAL ANNIVERSARY BONUS SA MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA, AYON SA PAGKAKAROON NG PONDO SA PASUBALING HINDI ITO LALABAG SA UMIIRAL NA "ELECTION BAN" SA TAONG ITO.**

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaloob ng Centennial Anniversary Bonus sa mga kawani ng pamahalaan ay nakapaloob sa Administrative Order No. 263 na may petsa ika-26 ng Marso, 1996;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga kgg. kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat, Miguel M. Asinas at bernardo E. Ison, at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang pagkakaloob ng Centennial Anniversary Bonus sa mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng santa Cruz, Laguna, ayon sa pagkakaroon ng pondo sa pasubaling hindi ito lalabag sa umiiral na "Election Ban" sa taong ito.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na atasan ang Pambayang Pinuno sa Badyet at Pambayang Ingat-Yaman na makapagsagawa ng pamamaraan para sa panggagalingan ng pondo sa pagpapatupad ng naturang kautusan, sa ikaayos ng pondo sa taong tio.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

NARCISO O. INFANTE
Pang. punong Bayan/Tagapangulo

INAGTIBAY:

ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan